Merlie M. Alunan at Lamiraw Writers Workshop, mga Kampeon ng Wika ng KWF

Hihiranging mga Kampeon ng Wika ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) si Merlie M. Alunan at ang Lamiraw Writers Workshop sa *Pinulungan Ngan Panurat: Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Waray, 26 Pebrero 2015, sa Leyte Normal University, Lungsod Tacloban.*

Si Alunan ay iginagalang na makata at manunulat sa Ingles at Sebwano. Nagkamit na siya ng mga parangal at pagkilala sa loob at labas ng Filipinas. Kabilang na rito ang *Palanca*, *Free Press*, *Ani ng Dangal*, at ang prestihiyosong *Parangal Suthorn Phu* mula sa Thailand.

Ikalawang gagawaran ang palihang itinatuguyod ni Alunan at Northwest Samar State University, ang Lamiraw Writers Workshop. Sa loob ng isang dekada mahigit na pagpapalihan, naging mahalaga ang gampanin nito sa pag-aangat ng antas ng panulat sa Waray.

Iginagawad ng KWF ang Kampeon ng Wika sa mga indibidwal o pangkat na nagkaroon ng makabuluhang ambag sa pagpapaunlad at pagpapayabong ng wikang Filipino at mga katutubong wika sa Filipinas.

Noong nakaraang Agosto 2014, kinilala ng KWF bílang mga Kampeon sina Leoncio P. Derriada, Alicia P. Magos, at Eliza

Uy-Griño sa isinagawa nitong pambansang kumperensiya sa pagsasalin.

Kumperensiya sa Wika at Panitikang Waray ng KWF, mangyayari na sa 26-28 Pebrero 2015

Itatampok ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Leyte Normal University (LNU) ang wika at panitikang Waray sa *Pinulungan Ngan Panurat: Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Waray* sa 26-28 Pebrero 2015 sa LNU Gymnasium, Leyte Normal University, Lungsod Tacloban, Leyte.

Hinahangad rin ng kumperensiya na magkaroon ng mga talakayan sa mga isyu at pagbabago na kinahaharap ng wika at panitikang Waray na magsisilbing sandigan sa pagpapaunlad ng wika at panitikang Filipino.

Inaasahan ang pagdalo ng mga kitawan mulang Rehiyon VIII, mga punong guro, tagapag-ugnay, mga guro ng Panitikan ng Bisayas sa elementarya at sekundarya, at mga gurong nagtuturo sa mga wikang Waray.

Magkakaroon ng mga sesyon sa sumusunod na paksa: 1.) *Panitikang Waray at ang Pagbubuo ng Panitikang Pambansa*; 2.) *Waray Drama*; 3.) *Ang Kasalukuyang Kalagayan ng Panitikang Waray*; 4.) *Maglain-lain nga Waray: Waray Language Variants*; 5.) *Waray / Filipino: Estado ng Wikang Waray Vis-à-vis Filipino*; at 6.) *Mga Gamit-Panturo sa Wikang Waray sa*

Konteksto ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE).

Kabalikat ng KWF at LNU sa *Pinungulan* ang pamahalaang panlalawigan ng Leyte, pamahalaang lungsod ng Tacloban, at iba pang ahensiya ng pamahalaan.

Para sa mga katanungan hinggil sa kumperensiya, mangyaring makipag-ugnayan kay Gng. Lourdes Z. Hinampas sa mga numerong (02) 736-2519 / 0928-348-5870 / 0932-634-8721, o kay Dr. Alvin Rom De Mesa sa numerong 0928-336-4862. Maaari ring magpadala ng email sa komisyonsawika@gmail.com, o bumisita sa kwf.gov.ph.